



# BULLETIN SA KALIGTASAN

## KALIGTASAN NG PEDESTRIAN

Kagawaran ng California para sa mga Serbisyo sa Pag-unlad




Kapaki-pakinabang ba ang  
bulletin na ito?

Mag-click Dito

Ang isang pedestrian ay isang indibidwal na dumadaan sa mga bangketa at sa kahabaan ng kalsada o sa pagtawid nito sa pamamagitan ng paglalakad o paggamit ng mga mobility device tulad ng mga wheelchair o scooter. Simula 2023, apat na indibidwal na pinaglilingkuran ng mga regional center ang namatay habang dumadaan sa mga bangketa at daanan bilang isang pedestrian. Alamin at ibahagi ang mga pag-iingat sa mga indibidwal na pinaglilingkuran mo upang protektahan ang kanilang kalusugan at kaligtasan habang gumagamit ng mga bangketa o tumatawid, tulad ng pagkakaroon ng kamalayan sa mga hump sa kalsada at mga rampa para sa mga wheelchair.

## MGA ESTADISTIKA



### MGA ESTADISTIKA NG CALIFORNIA PARA SA TAONG 2021

**26%** NG KABUUANG MGA KAMATAYAN SA TRAPIKO AY  
MGA PEDESTRIAN (MAYROONG KABUUANG **4,285** NA  
MGA KAMATAYAN SA TRAPIKO).



MAYROONG **1,108** NA PAGKAMATAY NG PEDESTRIAN,  
ANG PINAKAMARAMI SA ALINMANG ESTADO.

Mga Pinagkunan: [NHTSA Overview of Motor Vehicle Traffic Crashes in 2021](#); [NHTSA Traffic Safety Facts 2021 Data](#)



Ang mga Bulletin sa Kagalingan at Kaligtasan ay ginawa ng Kagawaran ng mga Serbisyo sa Pag-unlad (Department of Developmental Services, DDS) upang alertuhan ang mga direktang tagapagkaloob ng serbisyo, mga kawani ng regional center, at iba pa tungkol sa mga partikular na panganib na natukoy sa ating komunidad. Mangyaring magbigay ng feedback sa bulletin na ito at kung ano ang magagawa namin nang mas mabuti sa pamamagitan ng survey na ito: [Bulletin Survey](#)

# MGA KAPAKI-PAKINABANG NA TIP UPANG MAGBIGAY-HALIMBAWA AT TURUAN ANG MGA PINAGLILINGKURAN MO

**Tiyaking nakikita ka at ang ibang tao kapag dumadaan sa mga bangketa at daanan.**

Magsuot ng matingkad at/o reflective na damit.

Iwasang magsuot ng madilim na damit (itim, brown, navy-blue), kabilang ang mga panlabas na jacket.

Sa madaling araw, at sa gabi, gumamit ng flashlight.

**Gamitin ang bangketa o daanan imbes na maglakad sa kalsada.**

Kung walang bangketa, dumaan sa shoulder ng kalsada, habang nakaharap sa paparating na trapiko.

**Tumawid sa itinalagang pedestrian lane o intersection. Huwag mag-jaywalk!**

**Sundin ang mga street sign at traffic sign at signal.**

**Bago tumawid ng kalsada, tumingin sa magkabilang direksyon: sa kaliwa, sa kanan, at sa kaliwa ulit.**

Obserbahan ang trapiko hanggang sa ligtas nang tumawid. Subukang tingnan sa mata ang mga drayber bago tumawid.

**Magbigay ng mga hudyat sa mga indibidwal na sinusupportahan mo kapag gumagalaw bilang pedestrian.**

**Turuan ang mga indibidwal na sinusupportahan mo na huwag pumunta o biglang lumabas sa kalsada o tumawid sa pagitan ng mga nakaparadang sasakyan.**

**Mag-ingat sa mga sasakyang pumapasok o lumalabas ng mga driveway o paradahan.**

Huwag kailanman ipagpalagay na nakikita ka ng drayber. Maaaring hindi siya nakatingin. Habang papalapit sila, tiyaking nakikita ka nila at ang ibang tao.



# MGA KAPAKI-PAKINABANG NA TIP UPANG MAGBIGAY-HALIMBAWA AT TURUAN ANG MGA PINAGLILINGKURAN MO (ipinagpapatuloy)

Habang naglalakad ka kasama ang mga indibidwal na pinaglilingkuran mo, magbigay ng mga direksyon tungkol sa kung paano bumibiyahe ang grupo at mga paalala tungkol sa kaligtasan bilang pedestrian.

Tulungan ang mga sinusuportahan mo na planuhin ang kanilang ruta nang maaga.

Piliin ang mga ruta na maliwanag at maayos na pinanatiling mga bangketa, at kung saan kaunting sasakyan lang ang dumadaan.

Gumamit ng mga bangketang natutugunan nang husto ang mga pangangailangan ng mga indibidwal.

Ipaalala sa mga indibidwal na sinusuportahan mo na iwasang maging pedestrian kung umiinom sila ng alak o gumagamit ng droga.

Kapag malapit sa mga kalsada nang nakainom o may tama ng droga, maaari nitong maapektuhan ang iyong kakayahang humusga at koordinasyon.

Isalang-alang kung paano maaaring maapektuhan ng umiiral na mga kondisyon o mga gamot ang kakayahang humusga o paningin. Magbigay ng tamang suporta at patnubay upang panatilihin silang ligtas.

Huwag gumamit ng cell phone.

Ang mga elektronikong screen ay nakakapagdulot na mawala ang pagiging alerto ng mga user sa kanilang paligid.

Iwasan ang paggamit ng earbuds o headphones dahil nababawasan nito ang kakayahang marinig ang trapiko.

Ang paggamit ng mga pantulong na teknolohiya, tulad ng mga tablet para sa komunikasyon, ay maaaring kailangan upang ligtas na makaikot sa komunidad.

Gumawa ng plano sa kung paano gamitin ang mga ito nang ligtas bilang pedestrian.

Pinagkunan: [CDC](#), [StrongGo Industries](#), [CA Office of Traffic Safety](#), [Pedestrian Safety Tips | Safe Kids Worldwide](#)

## MGA KARAGDAGANG PINAGKUNAN

California Road Signs - Everything You Should Know - [Drive-Safely.net](#)

